



CALL FOR PAPERS

Ang *Diliman Gender Review* (DGR) ang opisyal na dyornal ng UP Diliman Gender Office (UPDGO). Bilang pagsasagawa ng mandato nitong *gender mainstreaming*, maglalathala ito ng mga pangkasariang pananaliksik, mapanlikhang sulatin, rebyu ng mga tesis, disertasyon, aklat at produktong pangmidya. Tatanggap ang DGR ng mga artikulo sa anumang wika subalit kalakhang ilalathala dito ang mga sulatin sa **Wikang Filipino** (60%) at iba pang wika (40%). Para sa **unang isyu** ng paglalathala, tatanggap ito ng artikulo mula sa iba't ibang disiplina at larangan tulad ng pagtuturo, pananaliksik at gawaing ekstensyon at administratibo. Daraan ang mga artikulo sa **double-blind review**. Tatanggap ito ng artikulo sa anumang panahon subalit ang paglalathala ay tuwing Marso at Setyembre ng bawat taon. Para sa unang panawagan, ilalathala ito sa **Marso 2016**.

DEADLINE para sa isyu ng Marso 2016: **Nobyembre 21, 2015**

PANUNTUNAN SA SUBMISYON:

1. Hindi pa nalalathala sa anumang publikasyon.
2. May habang 25-30 pp. ang artikulo, *double-spaced* kasama ang mga larawan/ilustrasyon at sanggunian o 6,000-8,000 salita;
3. Gamitin ang estilong MLA sa buong dokumento.
4. Walang pangalan ang artikulo. Isumite sa nakahiwalay na papel ang *bionote* ng may-akda na may 300-500 salita.
5. May abstrak na 300-500 salita. Kung ang artikulo ay nasa Filipino at ibang wikain sa Pilipinas, magsumite ng titulo at abstrak sa Ingles. Kung ang artikulo ay sa dayuhang wika, magsumite ng *extended abstract* sa Filipino (1-2 pp. *single-spaced*).
6. May 3-5 susing salita (keywords) sa Filipino at Ingles.
7. Times New Roman ang estilo ng *font*; 12 ang laki.
8. May bilang ng pahina sa kanan, itaas na bahagi ng pahina;
9. *Justified* sa kaliwa at kanan, may margin na 1" sa lahat ng gilid ng papel.
10. Gamitin ang excel sa mga talahanayan.
11. Ipadala ang kontribusyon sa: Patnugot, DilimanGenderReview@gmail.com at/o magsumite ng 2 *hard copy* ng artikulo at *soft copy* sa UP Diliman Gender Office, 2nd Floor Benton Hall (tabi ng PHAN [Lagmay Hall]), UP Diliman. Para sa iba pang katanungan, tumawag lamang sa 981-8500 loc. 2467.